ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 8| August2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

# KABISIG: SANAYANG AKLAT SA PAGTUKLAS NG ILANG AKDANG BISAYA AT KAALAMAN SA PAGKATHA NG TANAGA

**Lara Mae An Garcia**
*Laguna State Polytechnic University Sta. Cruz Laguna 4009 Philippines*

## ABSTRAK

*Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa KABISIG: Sanayang aklat sa Pagtuklas ng Ilang Akdang Bisaya at ng ikalabing isang baitang ng Liceo de Pila, Pila, Laguna sa Taong Aralan 2023-2024. Ang nagsilbing tagatugon sa pananaliksik na ito ay ang isandaa't limampu't apat (154) mag-aaral na naging tagasagot sa pagtanggap ng binuong materyal bilang pantulong sa pagkatuto sa mga paksa sa Filipino. Ang sumusunod ay ang mga suliraning nais bigyan ng pansin: Ano ang antas ng kaalaman KABISIG: Sanayang Aklat sa Pagtuklas ng Ilang Akdang Bisaya batay sa Pagsasalin, Kasapatan, Kaangkupan at Disenyo? Ano ang lebel ng kaalaman sa pagkatha ng tanaga batay sa Kawastuhan, Kaisahan, Tema at Estilo? Ano ang Antas ng kabisaan sa kagamitang instruksyunal sa asignaturang filipino batay sa Rasyunal na pagsulat? May makabuluhang epekto ba ang KABISIG: Sanayang Aklat sa Pagtuklas ng Ilang Akdang Bisaya? May makabuluhang epekto ba ang KABISIG sa kaalaman sa pagkatha ng tanaga?*

*Ang sumusunod ay ang lumabas na resulta ng pag-aaral.*

*Ayon sa nakalap na datos sa tulong ng istatistika, nagkaroon ng maayos na pagkakabuo ang KABISIG bilang suplementaryong kagamitan sa pagkatuto at pag-unawa ng ilang akdang Bisaya. Ipinakikita rito ang positibong pagtanggap ng mga guro at mag-aaral pagdating sa iba't-ibang aspeto ng sanayang-aklat.*

*Nakatala sa lumabas na resulta, karamihan sa mga mag-aaral na nagsagawa ng pagkatha ng tanaga ay may sapat na kaalaman ngunit hindi ganoon kahusay sa usaping pagsulat sapagkat batay sa ebalwasyon ng guro, sila ay naglalaro sa katamtamang husay lamang na bahagyang taliwas sa kanilang tugon sa talatanungan.*

*Sa kabuoang isang daan at limamput-dalawang tagatugon, ang marka na "26 - 30" ay nakakuha ng pinakamataas na bilang na isang daan at dalawamput-apat (124). Habang ang marka na "21 - 25" ay nakakuha ng pinakamababang bilang na tatlumpu (30) o 19.49% ng kabuoang tumugon at may mapaglarawang katumbas na Higit na Mahusay.*

*Ipinapakita na ang antas ng kabisaan sa kagamitang instruksyunal sa asignaturang filipino ay may mapaglarawang katumbas na "Pinakamahusay" at may literal na paliwanag na Napakakasiya-siya.*

*Makabuluhang epekto ng KABISIG sa kaalaman sa pagkatha ng tanaga. Base sa datos na nakalap, ipinapakita nito na walang makabuluhang epekto ng KABISIG sa Rasyunal na pagsulat at 0.05 antas ng kabuluhan. At ipinapakita nito na walang epekto sa pagitan nila. pinatutunayan naman dito na maaari itong linangin.*

*Mula sa Konklusyon, nagbigay ang mananaliksik ng rekomendasyon na gamitin ang materyal bilang kagamitan sa pagtuturo ng mga aralin sa Filipino sa ikalawang markahan na kung saan ito ay nakatuon sa akdang Bisaya.*

**SUSING SALITA**: *KABISIG; Sanayang aklat; Akdang Bisaya*

## 1. PANIMULA

Napakaraming mga akdang pampanitikan mula sa iba't ibang bahagi ng bansa ang hindi nabibigyang tuon o natatapunan ng pansin sapagkat sa halip na mapalawak ito sa ating lupain ay mas pinag-aaralan pa ng nakararami at nakalimbag sa mga aklat ang tungkol sa akdang pampanitikang ipinagmamalaki ng ibang bansa.

Ang guro ay mabisang kasangkapan sa loob ng silidaralan, ngunit kung ito ay salat sa mga kagamitang panturo at walang pedagohikal na batayan sa kaniyang pagtuturo, walang espasyo ang karunungan at pagkatuto. Ang isa sa layunin ng edukasyon ay mahubog ang kaisipan ng mga mag-aaral at magkaroon ng kaalaman sa mga bagay-bagay at impormasyon sa kasalukuyan, sa hinaharap at sa kinabukasan, upang makamit ang tagumpay sa iba't ibang larangan ng buhay. Malaki ang gampanin ng guro sa kaniyang mga mag-aaral at isa ito sa pinakamahalagang propesyon sa ating lipunan. Kailangang tiyakin ng guro na malinang ang pinakamataas na kasanayan ng bawat mag-aaral mula sa kritikal na pag-iisip hanggang sa mga makrong kasanayan. Mahalaga rin na ang guro ay malikhain sa pagbuo ng mga estratehiya sa pagtuturo upang makuha ang atensyon sa aralin at lubos na maunawaan ng mga mag-aaral.

Ayon sa R.A. No. 7722 o mas kilala bilang "Higher Education Act of 1994" nagkaroon ng resolusyon bilang R-002-2017 noong ika-16 ng Hunyo taong 2017. Nakasaad sa batas ang pagkakaroon ng Filipino at Panitikan bilang kursong panlahat sa kolehiyo bilang bahagi ng New General Education Curriculum sa CHED Memorandum Order No. 20 Series of 2013.

Ayon sa pag-aaral ni Espinosa (2014), mula kay Arrogante "Ang panitikan ay talaan ng buhay sapagkat naipapahayag ng tao ang kanyang saloobin o damdamin tungkol sa isang bagay, maging ang kanilang kinagisnang kultura at paniniwala".

Kaya naman ang mananaliksik ay nasuma ang ilang bagay na may kinalaman mga problemang ito at nagkaroon ng paglalahat na magkaroon ng pananaliksik na gumawa ng sanayang aklat sa pagtuklas ng ilang akdang bisaya at magkaroon ng pagtatasa sa kaalaman sa pagkatha ng tanaga para mga mag-aaral na

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 8| August2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

kasalukuyang nag-aaral ng panitikan ng mga Bisaya kabilang na ang awiting bayan, alamat, maikling kwento at iba pa.

### *1.1 Paglalahad ng Suliranin*

Ang pag-aaral na ito ay ginabayan ng mga sumusunod na katanungan:

1. Ano ang antas ng kaalaman KABISIG: Sanayang Aklat sa Pagtuklas ng Ilang Akdang Bisaya batay sa:
   - 1.1 Pagsasalin;
   - 1.2 Kasapatan;
   - 1.3 Kaangkupan; at
   - 1.4 Disenyo?
2. Ano ang antas ng kaalaman sa pagkatha ng tanaga batay sa:
   - 2.1 Kawastuhan;
   - 2.2 Kaisahan;
   - 2.3 Tema; at
   - 2.4 Estilo?
3. Ano ang Antas ng kabisaan sa kagamitang instruksyunal sa asignaturang Filipino batay sa:
   - 3.1 Rasyunal na pagsulat?
4. May makabuluhang epekto ba ang KABISIG: sanayang aklat sa pagtuklas ng ilang akdang bisaya sa kabisaan ng kagamitang instrukasyunal?
5. May makabuluhang epekto ba ang KABISIG sa kaalaman sa pagkatha ng tanaga sa kabisaan ng kagamitang instrukasyunal?
6. Ano ang maaaring mabuong programa sa pag-aaral na ito?

## 2. METODOLOHIYA NG PANANALIKSIK

Ang disenyong ginamit ng mananaliksik sa pag-aaral na ito ay deskriptibong paraan. Ang palarawang pananaliksik (Descriptive Method) ay mga kaganapan sa pag-aaral na ginamit ang palarawang pananaliksik ay kinapapalooban ng pagtatala, paglalarawan, pagpapakahulugan, pagsusuri at paghahambing. Layunin ng ganitong disenyo na sistematikong mailarawan ang sitwasyon at kundisyon nang makatotohanan at buong katiyakan.

Ayon kay McCombes (2019), ang deskriptibong pananaliksik ay naaangkop gamitin sa mga pag-aaral na may layunin na kilalanin ang mga katangian, kalimitan, kalakaran, ugnayan at kategorya.

## 3. PRESENTASYON, ANALISIS, AT INTERPRETASYON

Ang kabanatang ito ay naglalahad ng presentasyon, analisis, interpretasyon o pagpapakahulugan ng mga datos na nakalap ng mananaliksik. Ang mga ito ay iginawa ng talahanayan para sa mabilis na pagkakaunawa ng pananaliksik. Ang sumusunod na nakatalahanayang presentasyon at pagtalakay ay maglalapat ng ibayong karakterisasyon sa ng KABISIG: Sanayang Aklat sa Pagtuklas ng Ilang Akdang Bisaya. Matatagpuan din sa kabanatang ito ang interbensiyon na ginawa ng mananaliksik.

Ipapakita rin ang mga istatistikal na pamamaraan sa mga talahanayan na sumagot sa pananaliksik na KABISIG: Sanayang Aklat sa Pagtuklas ng Ilang Akdang Bisaya at Kaalaman sa Pagkatha ng tanaga.

**Antas ng Kaalaman ng KABISIG: Sanayang Aklat sa Pagtuklas ng Ilang Akdang Bisaya**

Sa pag-aaral na ito, sinuri sa malayang baryabol ang nilalaman ng kagamitang KABISIG, kung paanong makatutulong ang mga bahagi nito sa kakayahan ng mga mag-aaral sa proseso ng pagsulat. Ito ay patungkol sa sanayang aklat na naglalaman ng ilang akdang Bisaya gayundin ang ilang mga aktibidades bago at pagkatapos ng aralin.

Upang malaman ang antas ng kaalaman sa KABISIG: Sanayang Aklat sa Pagtuklas ng Ilang Akdang Bisaya batay sa pagsasalin, kasapatan, kaangkupan at disenyo; gumamit ang mananaliksik ng tseklis upang mangalap ng datos. Binigyang interpretasyon ang mga datos mula sa respondente sa pamamagitan ng paggamit ng Weighted Mean, Standard Deviation, at Literal na Paliwanag o Puna.

Isa sa masasabi nating salat pagdating sa edukasyon ay ang batayan at sanguniang aklat na naglalaman ng sapat at wastong impormasyon na may tamang paglalapat sa asignaturang Filipino. Hindi lahat ng mag-aaral sa nabiyayaan ng kakayahang magkaroon ng kagamitang pangteknolohiya kaya naman marami pa rin ang umaasa sa mga limbag na kagamitan.

Ang talahanayan 1 ay nagpapakita ng Antas ng kaalaman KABISIG: Sanayang Aklat sa Pagtuklas ng Ilang Akdang Bisaya Batay sa Pagsasalin.

**Talahanayan 1**
Antas ng kaalaman KABISIG: Sanayang Aklat sa Pagtuklas ng Ilang Akdang Bisaya Batay sa Pagsasalin

| **Mga Pahayag** | Mean | SD | Puna |
|---|---|---|---|
| *Naisalin ang mga akda sa pinakapayak na paraan.* | 4.78 | 0.42 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naitala ang sapat na impormasyon para sa mabilis na pagkaunawaan.* | 4.79 | 0.43 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nabigyang buhay ang akdang Bisaya sa pamamagitan ng pagbabago ng midyum sa komunikasyon.* | 4.69 | 0.46 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakabuo ng mas malinaw na imahe sa bawat paksa gamit ang KABISIG.* | 4.81 | 0.43 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nailagay ang mahahalagang datos na dapat nakalagay sa iba't ibang uri ng akda.* | 4.71 | 0.47 | Lubos na sumasang-ayon |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 8| August2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

**Overall Mean: 4.75**
**Standard Deviation: 0.24**
**Literal na paliwanag: Lubhang Mataas**

Sa lubhang mataas na antas ng ng kaalaman KABISIG at sa pananaw ng mga tagatugon, nakabuo ng mas malinaw na imahe sa bawat paksa gamit ang KABISIG ay nakakuha ng (M=4.81, SD=0.43) at naitala ang sapat na impormasyon para sa mabilis na pagkaunawaan ay mayroong (M=4.79, SD=0.43). Bagaman napansin na lubhang mataas na antas ng ng kaalaman KABISIG, ang pahayag na may pinakamababang marka ay ang nabigyang buhay ang akdang Bisaya sa pamamagitan ng pagbabago ng midyum sa komunikasyon at mayroong (M = 4.69, SD = 0.46).

May kabuoang mean na 4.75, standard deviation na 0.24 at ipinapakita na ang antas ng kaalaman KABISIG: Sanayang Aklat sa Pagtuklas ng Ilang Akdang Bisaya batay sa Pagsasalin ay may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.

Makikita rito na sadyang positibo ang pinakitang resulta ng tagatugon hinggil sa kung paano ang performans ng kabisig batay sa pagsasalin. Sinabi rin na ang pagsasalin ay kailangan na nakabatay sa lipunang pinagmulan. Ang pagsasalin rin ay ang gawain ng pagpapaunawa ng mga kahulugan ng panitik at ng kinalabasang paglikha ng katumbas na teksto na tinatawag na salinwika na naghahatid ng kaparehong mensahe na nasa ibang wika. Batay sa lumabas dito, kapansin pansin ang ipinamalas na potensyal na KABISIG na posibleng maging isa intruksyunal na kagamitang makatutulong sa bawat isa na posibleng magpataas ng antas ng kaalaman.

Ang talahanayan 2 ay nagpapakita ng Antas ng kaalaman KABISIG: Sanayang Aklat sa Pagtuklas ng Ilang Akdang Bisaya batay sa Kasapatan.

**Talahanayan 2**
**Antas ng kaalaman KABISIG: Sanayang Aklat sa Pagtuklas ng Ilang Akdang Bisaya batay sa Kasapatan**

| **Mga Pahayag** | Mean | SD | Puna |
|---|---|---|---|
| *Sapat ang kabuuang pahina upang mailahad ang mga impormasyon.* | 4.77 | 0.45 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Husto't walang kakulangan ang nilalaman ng bawat akda.* | 4.84 | 0.36 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Sagana ang bilang ng mga salita sa pagkatuto ng bukabularyo.* | 4.71 | 0.47 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Mainam ang mga nabuong gabay na tanong para maunawaan ng mga mag-aaral ang partikular na akda.* | 4.72 | 0.46 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakaayon ang pinaghanguang aklat para magkaroon ng makabuluhang awtput.* | 4.80 | 0.42 | Lubos na sumasang-ayon |

**Overall Mean: 4.77**
**Standard Deviation: 0.24**
**Literal na paliwanag: Lubhang Mataas**

Sa lubhang mataas na antas ng ng kaalaman KABISIG at sa pananaw ng mga tagatugon, Husto't walang kakulangan ang nilalaman ng bawat akda ay nakakuha ng (M=4.84, SD=0.36). Bagaman napansin na lubhang mataas na antas ng ng kaalaman KABISIG, ang pahayag na may pinakamababang marka ay ang Sagana ang bilang ng mga salita sa pagkatuto ng bukabularyo at mayroong (M = 4.71, SD = 0.47).

May kabuoang mean na 4.77, standard deviation na 0.24 at ipinapakita na ang antas ng kaalaman KABISIG: Sanayang Aklat sa Pagtuklas ng Ilang Akdang Bisaya batay sa kasapatan ay may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.

Mapapansin na lubos na naiintihan at naayon ang salin sa panlasa ng mga kabataan kung kaya't positibo ang nagging hatol dito ng mga ebalweytor maging sagot rin sa talatanungan ng mga mag-aaral sa ikapitong baitang.

Ang talahanayan 3 ay nagpapakita ng Antas ng kaalaman KABISIG: Sanayang Aklat sa Pagtuklas ng Ilang Akdang Bisaya batay sa Kaangkupan.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 8| August2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

**Talahanayan 3**
**Antas ng kaalaman KABISIG: Sanayang Aklat sa Pagtuklas ng Ilang Akdang Bisaya batay sa Kaangkupan**

| Mga Pahayag | Mean | SD | Puna |
|---|---|---|---|
| *Angkop ang mga salita para sa mga mag-aaral sa ikapitong baitang.* | 4.75 | 0.44 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Apropyado ang nilalaman sa interes ng mga mag aaral.* | 4.75 | 0.44 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Tama ang bilang ng mga aktibiti sa bawat paksa.* | 4.81 | 0.41 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Akma ang pagpili ng haba ng mga akdang nakalagay* | 4.75 | 0.45 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Matwid ang paunang gawain bago magsimula ang talakayan* | 4.63 | 0.48 | Lubos na sumasang-ayon |

**Overall Mean: 4.74**
**Standard Deviation: 0.22**
**Literal na paliwanag: Lubhang Mataas**

Sa lubhang mataas na antas ng ng kaalaman KABISIG at sa pananaw ng mga tagatugon, Tama ang bilang ng mga aktibiti sa bawat paksa ay nakakuha ng (M=4.81, SD=0.41), Angkop ang mga salita para sa mga mag-aaral sa ikapitong baitang, Apropyado ang nilalaman sa interes ng mga mag aaral, at Akma ang pagpili ng haba ng mga akdang nakalagay ay mayroong (M=4.75, SD=0.45). Bagaman napansin na lubhang mataas na antas ng ng kaalaman KABISIG, ang pahayag na may pinakamababang marka ay ang Matwid ang paunang gawain bago magsimula ang talakayan at mayroong (M = 4.63, SD = 0.48).

May kabuoang mean na 4.74, standard deviation na 0.22 at ipinapakita na ang antas ng kaalaman KABISIG: Sanayang Aklat sa Pagtuklas ng Ilang Akdang Bisaya batay sa Kaangkupan ay may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas. Mas mabilis nilang nalalaman ang mga paksa kung ito ay nakasalin sa kumportableng diyalektong tutulong sa kanila upang madebelop ang kanilang karunungan sa pagtuklas ng mga akda lalo't higit, mula dito sa Pilipinas.

Nangangahulugan ito na dapat mabatay ang pagbuo ng sanayang aklat sa mga teorya at simulain ng wika na kagaya ng kahalagahan ng wika, papel na ginagampanan nito sa lipunan ng mga tao, mga uri at antas ng gamit nito at mga pagbabago sa mga katangian nito samantalang nagbabago rin ang lipunang gumagamit at pakikisama sa kapwa. Mas mabilis nilang nalalaman ang mga paksa kung ito ay nakasalin sa kumportableng diyalektong tutulong sa kanila upang madebelop ang kanilang karunungan sa pagtuklas ng mga akda lalo't higit, mula dito sa Pilipinas.

Ang talahanayan 4 ay nagpapakita ng Antas ng kaalaman KABISIG: Sanayang Aklat sa Pagtuklas ng Ilang Akdang Bisaya batay sa Disenyo.

**Talahanayan 4**
**Antas ng kaalaman KABISIG: Sanayang Aklat sa Pagtuklas ng Ilang Akdang Bisaya batay sa Disenyo**

| Mga Pahayag | Mean | SD | Puna |
|---|---|---|---|
| *Nakapupukaw ng atensyon ang kabuuang kulay ng KABISIG.* | 4.62 | 0.49 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nagkaroon ng pagbabago sa font ng mga salitang binibigyang diin.* | 4.69 | 0.46 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naaayon ang disenyo ng bawat pahina sa bawat paksang pinag-uusapan* | 4.65 | 0.49 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Naibigay ang tamang sukat ng sunayang-aklat na ayon sa pangangailangan ng mag-aaral.* | 4.67 | 0.50 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakasisiguradong matibay ang pagkakagawa ng KABISIG at magagamit sa iba't ibang panahon.* | 4.69 | 0.46 | Lubos na sumasang-ayon |

**Overall Mean: 4.66**
**Standard Deviation: 0.26**
**Literal na paliwanag: Lubhang Mataas**

Sa lubhang mataas na antas ng ng kaalaman KABISIG at sa pananaw ng mga tagatugon, Nagkaroon ng pagbabago sa font ng mga salitang binibigyang diin at Nakasisiguradong matibay ang pagkakagawa ng KABISIG at magagamit sa iba't ibang panahon ay nakakuha ng (M=4.69, SD=0.46), Naibigay ang tamang sukat ng sunayang-aklat na ayon sa pangangailangan ng mag-aaral ay mayroong (M=4.67, SD=0.50).

May kabuoang mean na 4.66, standard deviation na 0.26 at ipinapakita na ang antas ng kaalaman KABISIG: Sanayang Aklat sa Pagtuklas ng Ilang Akdang Bisaya batay sa Disenyo ay may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 8| August2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

na lubhang mataas. Sa bahaging ito pinatutunayan na nakakatawag din ng pansin ang disenyo upang maging kaakit-akit sa mga mambabasa o gagamitin ng kagamitan batay sa tugon ng respondente. Mahalaga na nabibigyan din ng pokus ang paggawa ng disenyo sapagkat isa ito sa paraan upang makuha ang interes ng nagbabasa.

**Antas ng Kaalaman sa Pagkatha ng Tanaga**

Sa pag-aaral na ito, sinuri sa malayang baryabol ang kaalaman sa pagkatha ng tanaga, kung paanong makatutulong ang mga bahagi nito sa kakayahan ng mga mag-aaral sa proseso ng pagsulat. Ito ay patungkol sa sanayang aklat na naglalaman ng ilang akdang Bisaya gayundin ang ilang mga aktibidades bago at pagkatapos ng aralin.

Upang malaman ang antas ng kaalaman sa pagkatha ng tanaga batay sa kawastuhan, kaisahan, tema at estilo; gumamit ang mananaliksik ng tseklis upang mangalap ng datos. Binigyang interpretasyon ang mga datos mula sa respondente sa pamamagitan ng paggamit ng Weighted Mean, Standard Deviation, at Literal na Paliwanag o Puna.

Marami sa mga mag-aaral dulot ng pandemya ang naapektuhan sa sinasabing bagong normal. Kaisa nito ay ang kapansin-pansing hirap sa pagitan ng bata at mga guro. Sa usaping ito higit na tinatalakay ang lebel ng pagsulat ng mga mag-aaral sa tanaga – isang uri ng tula sa espesifikong larangan na magtatakda ng kahusayan ng mga estudynte sa usaping paghabi ng salita.

Ang talahanayan 5 ay nagpapakita ng Antas ng kaalaman sa pagkatha ng tanaga batay sa Kawastuhan.

**Talahanayan 5**
**Antas ng kaalaman sa pagkatha ng tanaga batay sa Kawastuhan**

| Mga Pahayag | Mean | SD | Puna |
|---|---|---|---|
| *Angkop ang KABISIG para sa mga salitang nakapaloob sa tanaga.* | 4.58 | 0.49 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Apropyado ang paksa sa sanayang-aklat sa layunin ng tanaga.* | 4.63 | 0.50 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Tama ang bilang ng pantig sa bawat saknong sa tulong ng KABISIG.* | 4.62 | 0.49 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Akma ang bokabularyo sa pagsulat ng tanaga.* | 4.70 | 0.49 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Matwid at walang ligoy ang mga paksa kaya't higit na kakikitaan ng pagkatuto sa pamamagitan ng tanaga.* | 4.68 | 0.47 | Lubos na sumasang-ayon |

**Overall Mean: 4.64**
**Standard Deviation: 0.27**
**Literal na paliwanag: Lubhang Mataas**

Sa lubhang mataas na antas ng ng kaalaman KABISIG at sa pananaw ng mga tagatugon, Akma ang bokabularyo sa pagsulat ng tanaga. ay nakakuha ng (M=4.70, SD=0.49) at Matwid at walang ligoy ang mga paksa kaya't higit na kakikitaan ng pagkatuto sa pamamagitan ng tanaga.

May kabuoang mean na 4.64, standard deviation na 0.27 at ipinapakita na ang antas ng kaalaman KABISIG: Sanayang Aklat sa Pagtuklas ng Ilang Akdang Bisaya batay sa Kawastuhan ay may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.

Sa pagkakaroon ng kawastuan ng pagsulat ang mekaniks ay paggamit ng wastong pagbabaybay, kapitalisasyon, pagbabantas, pagpapantig ng mga salita at iba pa, dapat isa-isip na ang maayos na pagkakasulat ng isang sulatin ay isang kailanganin na dapat isaalang-alang sa pagsulat (Almario, 2014). Ipinapakita na ang lebel ng kaalaman sa pagkatha ng tanaga batay sa kawastuhan ay may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.

Ang talahanayan 6 ay nagpapakita ng Antas ng Kaalaman sa Pagkatha ng Tanaga Batay sa Kaisahan.

**Talahanayan 6**
**Antas ng kaalaman sa pagkatha ng tanaga batay sa Kaisahan**

| Mga Pahayag | Mean | SD | Puna |
|---|---|---|---|
| *Nalinang ang kasanayan na umunawa ng paksa patungkol sa tanaga gamit ang KABISIG* | 4.70 | 0.47 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Mabilis na natukoy bantas at ilan pang usaping pambalarila sa tulong ng KABISIG.* | 4.70 | 0.46 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Napalalim ang kaalamang dapat taglayin sa akdang Bisaya at paglalapat nito sa tanaga.* | 4.73 | 0.46 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Napabilis ang paglikha ng tanaga sapagkat nakaayon ito sa pangangailangang pangkaisipan alinsunod sa pangangailan sa pagkatuto ng akdang Bisaya.* | 4.69 | 0.48 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Napalutang ang singkronisasyon sa pagitan ng sanayang-aklat at tanaga.* | 4.70 | 0.47 | Lubos na sumasang-ayon |

**Overall Mean: 4.70**
**Standard Deviation: 0.27**
**Literal na paliwanag: Lubhang Mataas**

Sa lubhang mataas na antas ng ng kaalaman KABISIG at sa pananaw ng mga tagatugon, Napalalim ang kaalamang dapat taglayin sa akdang Bisaya at paglalapat nito sa tanaga ay nakakuha ng (M=4.73, SD=0.46), Nalinang ang kasanayan na umunawa ng paksa patungkol sa tanaga gamit ang KABISIG,

Mabilis na natukoy bantas at ilan pang usaping pambalarila sa tulong ng KABISIG, at Napalutang ang singkronisasyon sa pagitan ng sanayang-aklat at tanaga ay mayroong (M=4.70, SD=0.47). Bagaman napansin na lubhang mataas na antas ng ng kaalaman KABISIG, ang pahayag na may pinakamababang marka ay ang Napabilis ang paglikha ng tanaga sapagkat nakaayon ito sa pangangailangang pangkaisipan alinsunod sa pangangailan sa pagkatuto ng akdang Bisaya at mayroong (M = 4.69, SD = 0.48).

Ipinapakita na ang lebel ng kaalaman sa pagkatha ng tanaga batay sa kaisahan ay may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas. Ipinapahiwatig nito na tama ang giniamit na mga salita na nagpatibay sa kung paano magiging makabuluhan ang paggamit ng sanayang aklat at nararapat ang mga salita na katala sa nilalaman ng KABISIG kung kaya't nagkaroon ito ng positibong tugon at maayos na pidbak sa mga respondente at mga kaguruang nagsagawa ng balidasyon sa materyales na ito. Ipinapakita na ang lebel ng kaalaman sa pagkatha ng tanaga batay sa kawastuhan ay may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.

Ang talahanayan 7 ay nagpapakita ng Antas ng Kaalaman sa Pagkatha ng Tanaga Batay sa Kaisahan.

**Talahanayan 7**
**Antas ng kaalaman sa pagkatha ng tanaga batay sa Tema**

| Mga Pahayag | Mean | SD | Puna |
|---|---|---|---|
| *Naibigay ang kaisipang hatid ng KABISIG tungo sa tanaga.* | 4.64 | 0.50 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakita ang interes sa bokabularyong Bisaya sa pagkatha ng obra.* | 4.73 | 0.44 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nailalapat ang nais na kalabasang tema na nakapaloob sa tanaga.* | 4.75 | 0.43 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Mabilis na nakapagpapahayag ng punto de vista sa paglikha ng tula.* | 4.76 | 0.44 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nalinang ang kakahayang magpalabas ng nais sabihin na nagsilbing tulay ang tanaga upang maihatid ang mensahe.* | 4.72 | 0.46 | Lubos na sumasang-ayon |

**Overall Mean: 4.72**
**Standard Deviation: 0.25**
**Literal na paliwanag: Lubhang Mataas**

Sa lubhang mataas na antas ng ng kaalaman KABISIG at sa pananaw ng mga tagatugon, Mabilis na nakapagpapahayag ng punto de vista sa paglikha ng tula ay nakakuha ng (M=4.76, SD=0.44), Nailalapat ang nais na kalabasang tema na nakapaloob sa tanaga ay mayroong (M=4.75, SD=0.43). Bagaman napansin na lubhang mataas na antas ng ng kaalaman KABISIG, ang pahayag na may pinakamababang marka ay ang Naibigay ang kaisipang hatid ng KABISIG tungo sa tanaga at mayroong (M = 4.64, SD = 0.50).

May kabuoang mean na 4.72, standard deviation na 0.25 at ipinapakita na ang lebel ng kaalaman sa pagkatha ng tanaga batay sa tema ay may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas.
Ang talahanayan 8 ay nagpapakita ng Antas ng Kaalaman sa Pagkatha ng Tanaga Batay sa Kaisahan.

**Talahanayan 8**
**Antas ng kaalaman sa pagkatha ng tanaga batay sa Estilo**

| Mga Pahayag | Mean | SD | Puna |
|---|---|---|---|
| *Nabigyang pansin ang iba't ibang estilo ng pagsulat.* | 4.74 | 0.44 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakagawa ng di palasak na tanaga.* | 4.72 | 0.45 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakayari ng awtput batay sa kani-kaniyang panlasa.* | 4.67 | 0.49 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakapaglahad ng sariling paraan sa pagtula sa tulong ng KABISIG.* | 4.68 | 0.48 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakagamit ng estilong ginamitan ng mga salitang di tukoy ng karamihan.* | 4.80 | 0.42 | Lubos na sumasang-ayon |
| **Overall Mean: 4.72**<br>**Standard Deviation: 0.25**<br>**Literal na paliwanag: Lubhang Mataas** | | | |

Sa lubhang mataas na antas ng ng kaalaman KABISIG at sa pananaw ng mga tagatugon, Nakagamit ng estilong ginamitan ng mga salitang di tukoy ng karamihan ay nakakuha ng (M=4.80, SD=0.42), Nabigyang pansin ang iba't ibang estilo ng

pagsulat ay mayroong (M=4.74, SD=0.44). Bagaman napansin na lubhang mataas na antas ng ng kaalaman KABISIG, ang pahayag na may pinakamababang marka ay ang Nakapaglahad ng sariling paraan sa pagtula sa tulong ng KABISIG at mayroong (M = 4.68, SD = 0.48).

May kabuoang mean na 4.72, standard deviation na 0.25 at ipinapakita na ang lebel ng kaalaman sa pagkatha ng tanaga batay sa tema ay may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas. Mababakas na maraming naenganyo ang mga batang tumuklas ng mga bago at sarili nilang estilo sa pagsulat ng tanaga. Ipinapalabas dito ang kanilang pagiging interesadong magbahagi ng kakayanan at karunungan gamit ang kanilang kani-kaniyang talino.

Gayunpaman, ang Estilo ay nag-iisa kung saan ang huli ay maghuhukom ng isang mahusay na gawain, para sa isang ang may-akda ay walang tunay na sarili kundi ang estilo, katotohanan, siyentipikong pagtuklas, at lahat ng uri ng impormasyon, ay maaaring makuha sa pamamagitan ng lahat, ngunit ang pagsulat ng may -akda ay hindi maaaring makuha mula sa kanya.

**Antas ng Kabisaan sa Kagamitang Instruksyunal sa Asignaturang Filipino**

Sa pag-aaral na ito, sinuri sa di-malayang baryabol ang kabisaan sa kagamitang instruksyunal sa asignaturang Filipino batay sa rasyunal na pagsulat, kung paanong makatutulong ang mga bahagi nito sa kakayahan ng mga mag-aaral sa proseso ng pagsulat. Ito ay patungkol sa sanayang aklat na naglalaman ng ilang akdang Bisaya gayundin ang ilang mga aktibidades bago at pagkatapos ng aralin.

Binigyang interpretasyon ang mga datos mula sa respondente sa pamamagitan ng paggamit ng Weighted Mean, Standard Deviation, at Literal na Paliwanag o Puna.

Ang talahanayan 9 ay nagpapakita ng Antas ng Kabisaan sa Kagamitang Instruksyunal sa Asignaturang Filipino Batay sa Rasyunal na Pagsulat.

**Talahanayan 9**
**Antas ng Kabisaan sa Kagamitang Instruksyunal sa Asignaturang Filipino Batay sa Rasyunal na Pagsulat**

| Marka | Kabuoan | Bahagdan | Mapaglarawang Katumbas |
|---|---|---|---|
| 26 - 30 | 124 | 80.51 | Pinakamahusay |
| 21 - 25 | 30 | 19.49 | Higit na Mahusay |
| 16 - 20 | 0 | 31.67 | Mahusay |
| 11 - 15 | 0 | 0.80 | Di Gaanong Mahusay |
| 6 - 10 | 0 | 0.00 | Di Mahusay |
| 0 - 5 | 0 | 0.00 | Walang Kahusayan |
| Total | 154 | 100 | |
| Weighted Mean | 26.84 | | |
| Pinakamababang Marka | 21 | | |
| Pinakamataas na marka | 30 | | Higit na Mahusay |
| Standard Deviation | 2.14 | | |

Talahanayan bilang siyam ay nagpapakita ng antas ng kabisaan sa kagamitang instruksyunal sa asignaturang filipino batay sa Rasyunal na pagsulat, sa kabuoang isang daan at limamput-dalawang tagatugon, ang marka na “26 - 30” ay nakakuha ng pinakamataas na bilang na isang daan at dalawamput-apat (124) o 80.51% ng kabuoang tumugon at may mapaglarawang katumbas na Dalubhasa. Habang ang marka na “21 - 25” ay nakakuha ng pinakamababang bilang na tatlumpu (30) o 19.49% ng kabuoang tumugon at may mapaglarawang katumbas na Malapit at halos pumantay sa Dalubhasa.
May kabuoang (Weighted Mean = 26.84, SD = 2.14) at (pinakamababang marka = 21, pinakamataas na marka = 30) ipinapakita na ang antas ng kabisaan sa kagamitang instruksyunal sa asignaturang filipino batay sa Rasyunal na pagsulat ay may mapaglarawang katumbas na Dalubhasa at may literal na paliwanag na Napakakasiya-siya. Ipinapahiwatig nito na tama at wasto ang pagkakagawa dito na nagpatibay sa kung paano magiging makabuluhan ang paggamit ng sanayang aklat at nararapat ang mga salita na katala sa nilalaman ng KABISIG kung kaya’t nagkaroon ito ng positibong tugon at maayos na pidbak sa mga respondente at mga kaguruang nagsagawa ng balidasyon sa materyales na ito.

Mapapansin na di lamang nakasalalay sa guro ang pagtaas ng performans o pagbaba ng mga mag-aaral bagkus maari din sa kakayahan ng mag-aaral.

**Epekto ng KABISIG: Sanayang Aklat sa Pagtuklas ng Ilang Akdang Bisaya sa Kabisaan ng Kagamitang Instruksyunal**

Sa pag-aaral na ito, tampok ang sanayang aklat na naglalaman Epekto ng KABISIG: Sanayang Aklat sa Pagtuklas ng Ilang Akdang Bisaya sa Kabisaan ng Kagamitang Instruksyunal. Binigyang interpretasyon ang mga datos mula sa respondente sa pamamagitan ng paggamit ng R-squared, Adjusted R-squared, Standard Error at F-test.

Ang talahanayan 10 ay nagpapakita ng Epekto ng KABISIG: Kaalaman sa Pagkatha ng Tanaga sa Kabisaan ng Kagamitang Instruksyunal sa pamamagitan ng talahanayan sa ibaba.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 8| August2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

**Talahanayan 10**
**Makabuluhang Epekto ng KABISIG: Kaalaman sa Pagkatha ng Tanaga sa Kabisaan ng Kagamitang Instruksyunal**

| Rasyunal na pagsulat | B | SE | β | t | p |
|---|---|---|---|---|---|
| Constant | 30.06 | 4.652 | | 6.462* | .000 |
| Pagsasalin | | .874 | .097 | .111 | .911 |
| Kasapatan | | .826 | -.659 | -.798 | .426 |
| Kaangkupan | | .941 | .571 | .607 | .545 |
| Disenyo | | .851 | -.695 | -.816 | .416 |
| R-squared | | | .012 | | |
| Adjusted R-squared | | | -.015 | | |
| Standard Error of the Estimate | | 2.155 | | | |
| F(4, 149) | | | | .437 | .782 |

*p < 0.05

Ipinapakita ng talahanayan ang resulta ng multiple regression analysis sa pagsusuri ng epekto ng KABISIG: Sanayang Aklat sa Pagtuklas ng Ilang Akdang Bisaya sa kabisaan sa kagamitang instruksyunal sa asignaturang filipino batay sa Rasyunal na pagsulat. Ang regression model ay nagpapaliwanag ng 1.2% ng variance sa pagganap ng mga mag-aaral (R-squared = 0.012). Ang Pagsasalin, Kasapatan, Kaangkupan, at Disenyo ng Sanayang Aklat sa Pagtuklas ng Ilang Akdang Bisaya ay walang positibong epekto sa Rasyunal na pagsulat. Ang F-test ng lahat ng modelo ay hindi makabuluhan (F (4, 149) p > 0.05), nagpapahiwatig na ang regression model ay hindi tugma sa mga datos. Ang standard error of the estimate, na sumasalamin sa average deviation sa pagitan ng sinusunod at hinulaan na rasyunal na pagsulat.

Base sa datos na nakalap, ipinapakita nito na walang makabuluhang epekto ng KABISIG sa Rasyunal na pagsulat at 0.05 antas ng kabuluhan. At ipinapakita din nito na ang walang bisang palagay na "Walang makabuluhang epekto ng KABISIG: Sanayang Aklat sa Pagtuklas ng Ilang Akdang Bisaya sa kabisaan sa kagamitang instruksyunal sa asignaturang filipino batay sa Rasyunal na pagsulat" ay tanggapin, ipinapakita nito na walang epekto sa pagitan nila.

Sa paggamit ng teknolohiya nakapokus din ito a pagkatuto ng mag-aaral kung ano ang material nilang gagamitin, maaring pagsagot ng mga takdang-aralin, pagkuha ng impormasyon sa pagsulat ng isang akda gaya ng pasulat ng sanaysay, tula at iba pang akda.

Ang talahanayan 11 ay nagpapakita ng Sanayang Aklat sa Pagtuklas ng Ilang Akdang Bisaya at Kaalaman sa Pagkatha ng Tanaga.

**Talahanayan 11**
**KABISIG: Sanayang Aklat sa Pagtuklas ng Ilang Akdang Bisaya at Kaalaman sa Pagkatha ng Tanaga**

| Rasyunal na pagsulat | B | SE | β | t | p |
|---|---|---|---|---|---|
| Constant | 31.26 | 4.221 | | 7.406* | .000 |
| Kawastuhan | | .872 | -.526 | -.603 | .547 |
| Kaisahan | | .739 | .424 | .574 | .567 |
| Tema | | .849 | -.915 | -1.078 | .283 |
| Estilo | | .821 | .075 | .091 | .927 |
| R-squared | | | .018 | | |
| Adjusted R-squared | | | -.008 | | |
| Standard Error of the Estimate | | 2.274 | | | |
| F(5, 180) | | | | .489 | .784 |

*p < 0.05

Ipinapakita ng talahanayan ang resulta ng multiple regression analysis sa pagsusuri ng epekto ng KABISIG sa kaalaman sa pagkatha ng tanaga sa kabisaan sa kagamitang instruksyunal sa asignaturang filipino batay sa Rasyunal na pagsulat. Ang regression model ay nagpapaliwanag ng 1.8% ng variance sa pagganap ng mga mag-aaral (R-squared = 0.018). Ang Kawastuhan, Kaisahan, Tema, at Estilo ng sa pagkatha ng tanaga ay walang positibong epekto sa Rasyunal na pagsulat. Ang F-test ng lahat ng modelo ay hindi makabuluhan (F (4, 149) p > 0.05.

Base sa datos na nakalap, ipinapakita nito na walang makabuluhang epekto ng KABISIG sa Rasyunal na pagsulat at 0.05 antas ng kabuluhan. At ipinapakita din nito na ang walang bisang palagay na "Walang makabuluhang epekto ng KABISIG sa kaalaman sa pagkatha ng tanaga sa kagamitang instruksyunal sa asignaturang filipino batay sa Rasyunal na pagsulat" ay tanggapin, ipinapakita nito na walang epekto sa pagitan nila.

Makikita na alinsunod sa tinuran ni Lazaro, walang tugma at sapat na ugnayan ang materyales na ito sa kakayanan ng mga mag-aaral sapagkat nakita na mataas ang puntos sa sarbey ngunit hindi tugma sa performans na kanilang ginawa sa pamamagitan ng pagsulat ng tanaga.

**Programa upang mapaunlad ang Kagamitang Pampagtuturo na KABISIG: Sanayang Aklat sa Pagtuklas ng Ilang Akdang Bisaya**

Ang Talahanayan 12 ay nagpapakita ng nabuong Programa upang mapaunlad ang Kagamitang Pampagtuturo na KABISIG: Sanayang Aklat sa Pagtuklas ng Ilang Akdang Bisaya.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 8| August2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

**Talahanayan 12**
**Programa Upang Mapaunlad ang Kagamitang Pampagtuturo na KABISIG: Sanayang Aklat sa Pagtuklas ng Ilang Akdang Bisaya**

| Layunin | Istratehiya/ Aktibiti | Mga Kasangkot | Inaasahang Awtput |
|---|---|---|---|
| Matalakay ang ilang akdang bisaya | Magbigay ng talaan ng akdang Bisaya na maaari nilang pagtuunan ng pansin sa ikalawang markahan | Punongguro at Mga Guro sa Filipino | Maibigay ang layuning malaman ang ilang akdang pampanitikan. |
| Malaman ang antas ng kaalaman sa pagkatha ng tanaga | Magbigay ng pamantayan at kaalaman sa kung paano bumuo ng tanaga | Mga mag-aaral sa ika-7 baitang at mga guro sa Filipino | Mabigyang pansin ang mga mag-aaral na makakakuha ng mababang marka |
| Mapataas ang antas ng mga mag-aaral sa paggamit ng kagamitang pampagkatuto patungkol sa akdang bisaya | Iemplementa ang paggamit ng KABISIG bilang sanayang aklat | Mga Guro sa Filipino at mag-aaral sa ika-7 baitang | Tumaas ang kaalaman ng mga mag-aaral at mabigyang tuon sa akdang Bisaya na hindi nabibigyang halaga |

Ang programang interbensiyon ay isang gawain upang makatulong sa mga mag-aaral na mapaunlad ang kanilang pagganap sa akademik. Ito ay pagbibigay ng mga aktibiti o gawain na nilalayong mapabuti ang kasanayan sa pag-aaral at pangkalahatang pag-unlad ng mga mag-aaral.

Sa pananaliksik na ginawa ng mananaliksik ay makikitang walang makabuluhang epekto KABISIG: Sanayang Aklat sa Pagtuklas ng Ilang Akdang Bisaya at Kaalaman sa Pagkatha ng Tanaga.

Karamihan sa kanila ay naglalaro lamang sa average na iskor. Makikita dito na kaya nilang umunawa ngunit nahihirapan silang bumuo. Kumbaga sa Bloom's taxonomy ay naipit sila sa understanding kaya nahihirapan sa creating lalo't creating ang pinakamataas na lebel at mapapansin na dahil pa rin sa pandemia ay hindi nahasa ang kanilang kakayahan sa usaping ito.

Ngunit hindi ito nangangahulugan na hindi pwedeng magamit ang sanayang aklat sa pagkatuto dahil ayon masusing pagsisiyasat at pagdaan sa balidasyon, ipakinapakita na makatutulong ito sa mabilis na pagkaunawa. Sa usapin naman na pagbuo ng tanaga, matataas ang ibinigay na puntos ng mga mag-aaral sa talatanungan ngunit hindi umayon sa nakuha nilang marka sa rasyunal na pasulat.

## 4. KONKLUSYON AT REKOMENDASYON

Sa pamamagitan ng mga inilahad na kinalabasan, ang konklusyon na ito ay nabuo:

"Walang makabuluhang epekto ng KABISIG: Sanayang-aklat sa Pagkatuto ng Ilang Akdang Bisaya at Kaalaman sa Pagkatha ng Tanaga" kaya't ang haypotesis sa unang kabanata ay dapat tanggapin, nagpapakita ito na hindi nagkaroon ng epekto ang KABISIG: Sanayang-aklat sa Pagkatuto ng Ilang Akdang Bisaya at kaalaman sa pagkatha ng tanaga. Ngunit hindi ito nangangahulugan na hindi pwedeng magamit ang sanayang aklat sa pagkatuto dahil ayon masusing pagsisiyasat at pagdaan sa balidasyon, ipakinapakita na makatutulong ito sa mabilis na pagkaunawa. Sa usapin naman na pagbuo ng tanaga, matataas ang ibinigay na puntos ng mga mag-aaral sa talatanungan ngunit hindi umayon sa nakuha nilang marka sa rasyunal na pasulat. Karamihan sa kanila ay naglalaro lamang sa average na iskor. Makikita dito na kaya nilang umunawa ngunit nahihirapan silang bumuo. Kumbaga sa Bloom's taxonomy ay naipit sila sa understanding kaya nahihirapan sa creating lalo't creating ang pinakamataas na lebel at mapapansin na dahil pa rin sa pandemia ay hindi nahasa ang kanilang kakayahan sa usaping ito.

Matapos ang pag-aaral at pagsusuri ng mga natuklasan, iminumungkahi ng mananaliksik ang mga sumusunod;

1. Gamitin ang materyal bilang kagamitan sa pagtuturo ng mga aralin sa Filipino sa ikalawang markahan na kung saan ito ay nakatuon sa akdang Bisaya. Magiging kapaki-pakinabang ang KABISIG bilang suplementaryong kagamitan lalo't isa sa suliranin ng mga guro sa filipino ay ang makabagong aklat sa pagtuturo.
2. I-endorso ang KABISIG bilang kagamitan sa pagkatuto sapagkat mas magaan ito kumpara sa tipikal na aklat at mas payak ang mga salitang ginamit sa pagsasalin na susi sa mabilis na pagkaunawa.
3. Hikayatin ang mga magulang na mahimok ang kanilang mga anak na gamitin ang KABISIG dahil batid natin na karamihan sa mga magulang sa panahon ngayon ay mula sa parting kabisayaan. Dahil dito, magiging bukas ang mga anak sa iba't ibang salita na ginagamit ng mga magulang na daan sa mabungang komunikasyon.

## TALASANGGUNIAN:

1. *McCombes, S. (2019). Research Design: Types, Methods, and Examples. Scribbr*